Programang Kusang Pagpalit sa Pagpapalista (VEEP)

Ang San Diego Unified School District ay nakatalaga na maghandog sa mga mag-aaral ng isang mabisang edukasyon sa pamamagitan ng iba't-ibang nagpapaunlad na mga programa. Ang Voluntary Enrollment Exchange Program (VEEP) ay bukas sa lahat ng mag-aaral na nakatira sa loob ng tiyak na hangganan ng isang paaralan na may pagsang-ayon sa disenyo ng VEEP. Ang VEEP ay nagbibigay ng sasakyan sa pagpasok upang hikayatin ang mga mag-aaral buhat sa isang bayan na pumasok sa napagtibay na hanay ng paaralan sa labas ng kanilang tirahan. Ang balangkas ng mga paaralan ay itinakda ng distrito. Upang malaman kung kayo ay nakatira sa kapaligirang VEEP, tumawag lamang sa Enrollment Options Office sa (619) 725-5672.

Mga Handog ng VEEP:

- Mga karagdagang pagkakataong matuto sa isang maraming-kulturang kapaligiran
- Karapatang makagamit ng lahat ng programa at paglilingkod sa loob ng paaralan
- May katangiang tulong mula sa mga tagapangasiwa ng paaralan, mga guro, at mga tagapayo
- Isang K-12 na programa na nagpapahintulot sa mag-aaral na magpatuloy mula sa mababang paaralan hanggang sa gitna at sa mataas na paarlan hanggat ang mag-aaral ay hindi umaalis mula sa VEEP na disenyo ng paaralan

Tumawag sa (619) 725-5672

ngayon upang malaman ang tungkol sa HANAY sa VEEP!
Ang mga aplikasiyon ay dapat matanggap sa pagitan ng petsang

ika-1 ng Nobiyembre at ika-15 ng Pebrero

Paggawa ng Aplikasyon

Ang mga aplikasiyon sa VEEP ay limitado sa mga paaralang nakabalangkas naVEEP lamang. Isang aplikasiyon ang ginagamit para sa lahat ng programang School Choice: Magnet, VEEP, Open Enrollment, at Program Improvement School Choice. Makikita ninyo ang aplikasiyon sa likod ng katalogong ito. Ang mga aplikasiyong natanggap sa panahon ng pagbibigay, ika-1 ng Nobiyembre hanggang ika-15 ng Pebrero, ay ihahanay sa pangunguna at pagbubukurin batay sa antas na baitang. Ang pagpili sa VEEP ay may hangganan dahil sa bagong patakarang nag-uutos na maunang tanggapin ang mga mag-aaral mula sa paaralang Program Improvement. Ang mga mag-aaral sa paaralang Program Improvement ay tatanggap ng pangunguna kaysa naghahangad sa VEEP na mula sa paaralang hindi Program Improvement. Ang ibang paaralan ay maaaring hindi tatanggap ng mga mag-aaral o may hangganan sa mga VEEP na nagpapalista dahil sa maaaring kaliitan ng silid-aralan at sa mga kahilingan mula sa ibang mga programa.

Ang mga nagpapatuloy na mag-aaral ay hindi kailangang magbigay ng aplikasiyon sa School Choice:

Ang mga nagpapatuloy na mga mag-aaral ay mga mag-aaral na pumasok sa isang paaralang VEEP at nagnanais na makapasok (lumipat) kasama ang mga mga nakatirang mag-aaral ng paaralang VEEP sa panahon ng karaniwang pagpasok kapag ang mga mag-aaral ay lumilipat sa pagitan ng mga antas – elementary tungo sa gitna at gitna tungo sa mataas na paaralan.

Panuntunan ukol sa Transportasyon

Ang sasakyang maghahatid ay ipagkakaloob sa mga mag-aaral na nakapasok sa napagpasiyang mga paaralang nakabalangkas na VEEP. Ang mga tuntunin at patakaran ng distrito ukol sa transportasyon ay ginagamit sa programang ito, pati na sa ibang distrito na may transportasyong programa. Napakahalagang maitala:

- Kailangang may 8 sasakay upang maitatag ang isang rota ng bus.
- Hindi bibigyan ang mag-aaral na nakatira sa loob ng 2.0 milyang nasa mababang paaralan o 2.5 milyang nasa mataas na paaralang tumatanggap.
- Hindi bibigyan ng transportasyon ang mag-aaral na nasa pamahayang paaralan.
- Mga himpilan ng bus o pagsasakay o pagbaba ng bus ay karaniwang naitatag sa o malapit sa pamahayang paaralan.
- Ang mga mag-aaral ay maaaring kailanganing maglakad hanggang 1 milya sa mababang pamantayan at 2 milya sa mga mataas na pamantayan hanggang sa himpilan ng bus.